

Rosa Mia Catenza likens Manila Bay to a tree whose cold shade serves as a resting place for those who are tired and stressed from the hustle and bustle of city living.

Dear Manila Bay,

Ikaw yung magandang tanawin at naging parte ka ng aming buhay. Dapat ikaw ay mahal in at alagaan at lalung-lalo na, nirerespeto. Para kang isang punong kahoy, ikaw yung pwedeng pahingahan sa napapagod naming utak o stress. Ikaw yung parang isang punong kahoy na pupunta sa iyo kasama ng aming pamilya, friends and relatives with bondings. Para kang isang puno na pwede naming i-relax ang aming sarili dahil sa napapagod naming katawan. At bukod pa po dyan naging parte ka ng aming buhay. Dahil sa iyo, kami ay nagkakaroon ng pangkabuhayan, ang aming mangingisda.

Kung five years from now, na di ka pa nila titiglan, ng mga barkong nagde-dredging na yan, baka po wala ng Manila Bay na tatanawin at pupuntahan. Paano na po ang mga pangkabuhayan ng ating mangingisda. At maraming masasaktan at maaapektuhan sa iyong pagkasira.

Mahal ka namin Manila Bay. . . kaya ang tanging maitutulong ko sa iyo Manila Bay ay isa po ako na makikipaglaban para sa iyong ikabubuti.

Ipaglalaban kita sa abot ng aking makakaya.

Nagmamahal sa 'yo,

Rosa Mia T. Catenza

